BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

**NEWS RELEASE**

baaqmd.gov

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 2, 2024
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Distrito ng Hangin, nilalayong atasan ang Tesla na ihinto ang mga kasalukuyan nitong paglabag sa kalidad ng hangin

***Carmaker, regular na naba-bypass ang abatement system at direktang naglalabas ng mga emisyon sa atmosphere***

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ngayong araw na humihiling ito ng kautusan sa abatement sa hiwalay na Lupon sa Pagdinig ng ahensya para iwasto ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa pasilidad para sa pag-manufacture ng de-kuryenteng sasakyan ng Tesla sa Fremont.

Humihiling ang Distrito ng Hangin ng kautusan sa abatement para ihinto ang madalas at tuluy-tuloy na paglabag mula sa operasyon ng paint shop sa pasilidad. Nag-emit ang Tesla ng mga mapaminsalang precursor na organic compound at nakakalasong contaminant sa hangin nang direkta sa atmosphere nang walang naaangkop na abatement, na nagresulta sa 112 Abiso ng Paglabag mula pa noong 2019. Ang bawat isa sa mga paglabag na ito ay puwedeng mag-emit ng hanggang 750 libra ng ilegal na polusyon sa hangin, ayon sa ilang pagtataya. Madalas, umuulit, at puwedeng makasama ang mga paglabag sa pampublikong kalusugan at kapaligiran.

“Hinihiling ng Distrito ng Hangin ang kautusang ito para mapilitan ang Tesla na tugunan ang ilang umuulit na paglabag sa mga emisyon sa mga paint shop sa kanilang pasilidad sa Fremont,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Hindi katanggap-tanggap ang paulit-ulit na hindi pagsunod ng Tesla sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin, at nagdudulot ito ng mas malaking panganib sa pampublikong kalusugan.”

May iba't ibang dahilan ang mga umuulit na paglabag ng Tesla. Sa ilang sitwasyon, paulit-ulit na nasisira ang thermal oxidizer o ang mga nauugnay na components ng abatement system ng Tesla at awtomatikong direktang napupunta ang mga emisyon sa atmosphere nang walang naaangkop na abatement. Sa iba namang sitwasyon, maayos na gumagana ang equipment para sa abatement, pero sina-shut down ng Tesla ang system kapag may mga problema sa iba pang equipment sa mga paint shop. Nangyari ang mga ito mga staff o contractor man ng Tesla ang dahilan, at napupunta sa atmosphere ang mga unabated na emisyon. Sa tingin ng Distrito ng Hangin ay nakikinita at puwedeng remedyuhan ang mga paglabag na ito.

Kung maglalabas ang Lupon sa Pagdinig ng kautusan sa abatement, aatasan ang Tesla na magpatupad ng plano para tugunan ang mga umuulit na paglabag na ito sa pamamagitan ng prosesong may dalawang hakbang:

- Una, mag-hire ng third-party na consultant na magsasagawa ng pagsusuri at magbibigay ng mga rekomendasyon. Pagkatapos ay aatasan ang Tesla na gumawa ng iminumungkahing plano ng pagpapatupad para maipatupad ang mga rekomendasyon ng third-party na consultant, na ifa-file nito sa Lupon sa Pagdinig para sa pag-apruba.

- Pangalawa, isagawa ang plano sa pagpapatupad ayon sa inaprubahan ng Lupon sa Pagdinig para ihinto ang naiiwasang pag-release ng mga hindi makontrol na emisyon, maliban na lang kung lubos na kinakailangan para sa mga dahilang nauugnay sa kaligtasan.

Hinihikayat ang publiko na pumunta sa pagdinig ng Lupon sa Pagdinig sa kasong ito. Magagawa ng mga miyembro ng publiko na magbigay ng mga komento o testimonya, nang personal o sa pamamagitan ng Zoon, kung may mga bagay na gusto nilang isaalang-alang ng Lupon sa Pagdinig. Kapag naiskedyul na ang pagdinig, magpo-post ng link sa website ng Distrito ng Hangin sa www.baaqmd.gov. Puwede ring mag-sign up ang publiko para sa mga update sa Lupon para sa Pagdinig sa https://www.baaqmd.gov/contact-us/sign-up-for-information.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*